

1

“Nabalitaan n’yo na ba? Patay na raw si Don Nathaniel,” inform ni Gelay. Nagmamadali itong lumabas mula sa loob ng *Unite Communications* at sinamahan ang dalawang empleyado na pawang naninigarilyo sa gilid ng building.

“Oh!” bulalas ni Maila. “How did he die?”

“Sudden heart attack daw,” ani Gelay habang inaabot ang isang stick ng sigarilyo at lighter mula sa kaibigan.

“So sino’ng magiging bago nating president?” Maila asked after taking a puff of her cigarette.

“Baka ’yung kapatid niyang si Simon Villanueva. He’s the logical choice. After all, he’s the VP,” pagbabahagi ni Iggo ng opinion.

Sabay-sabay silang nagsimula bilang call center agents sa *Unite*. Since then, they developed a deep friendship, sharing the happiness and trials of their daily existence.

“Pero may mga bali-balita akong nasagap na ang anak raw na lalaki ni Don Nathaniel ang magte-take

over sa naiwang posisyon,” bulong ni Gelay.

“I didn’t know na may anak palang lalaki si Don Nathaniel,” Maila remarked.

“Yeah, ang alam ko tatlong babae lang ang anak niya,” ani Iggo.

“Nasa States kasi. *Harvard* grad raw at currently nagtatrabaho sa American partner nitong *Unite* sa Boston,” dagdag ni Gelay.

“Hanep, Gelay, daig mo pa ang detective, ah!” napapailing na sabi ni Iggo.

“FYI, Mr. Ignacio De Vera, hindi ko po inimbestigahan ang taong ’to. He just happens to be the special subject of speculation at the moment,” medyo pikong saad ni Gelay. Parati na lamang kasi itong inaakusahang chismosa ni Iggo.

“Siguro guwapo ang anak ni Don Nathaniel,” sabi ni Maila. *Well, magandang lalaki ang matanda.*

“Naku, ’wag mo nang pangarapin ’yon, Maila. Wala kang pag-asa d’on! Suntok sa buwan ’yon!” hirit uli ni Iggo.

“Bakit ba ang hilig mong mambasag ng trip?” baling niya rito.

“Hay naku, pabayaang mo na nga ’yang bitter na ’yan. Let’s go!” yaya ni Gelay na itinapon na ang di pa nauubos na sigarilyo at hinila siya.

Matapos ang libing ng kanilang ama sa *Manila Memorial* ay nagsama-sama sa tanghalian ang apat na magkakapatid.

“Now that Dad’s gone, you should prepare yourself, Nate, dahil siguradong ikaw ang mauupo bilang president ng company natin,” anang panganay na si Valerie.

“Pero, Ate, what about Tito Simon? He’s next in line for the presidency, right?” ani Susan, ang sunod sa panganay.

“But Kuya’s the son, siya ang mas may karapatan kesa kay Tito Simon para pangunahan ang company,” sali ng bunsong si Bea.

“Let’s just wait for the board’s decision. Kung si Tito Simon man ang piliin nila, I’ll understand. He deserves it after all the hard work he’s invested in *Unite*,” ani Nathaniel ‘Nate’ Villanueva III. Siya ang nag-iisang anak na lalaki ni Don Nathaniel Villanueva, Jr. at ni Doña Juanita Villanueva who passed away ten years ago from bone cancer.

“Pero kahit piliin pa ng board si Tito Simon na maging presidente, you should still take a position in the company. Huwag ka nang bumalik sa Amerika. Mahirap ipagkatiwala ang buong kompanya kay Tito Simon 'cause I don't trust him. Buhay pa man si Daddy noon madalas na silang mag-away dahil sa mga kapalpakan ni Tito,” ani Valerie.

“Ah, basta ako malakas ang feeling ko na si Kuya ang pipiliin ng board na maging new president,” sabad uli ni Bea.

Alam ni Nate na malaking responsibilidad ang nakaatas sa kanya ngayong wala na ang kanilang ama. May asawa na ang dalawang ate niya, but Bea was young at dahil siya lang ang lalaki, natural na sa kanya ito dumepende.

“Huwag kayong mag-alala, wala na naman akong balak bumalik pa sa Amerika. I'm here to stay.”

“Maila, ano pa ba ang ginagawa mo d'yan? Bilisan mo na baka ma-late tayo!” tawag ni Gelay.

Monday morning at sinabihan ang lahat ng employees na magtungo sa function hall kung saan ia-announce ang magiging bagong presidente ng *Unite Communications*.

“Teka lang, nand’yan na,” sigaw ni Maila habang tinatakpan ang tumbler na pinuno ng kape sa kanilang vendo machine sa office pantry. Dahil sa pagmamadali ay hindi niya napansin ang paparating. “Oh, I-I’m so sorry,” hiyang-hiya niyang sabi sa lalaking naka-executive suit pa naman. “I’m really, really sorry,” paumanhin niyang muli, sinusubukang punasan ng panyo ang nabasa nitong suit.

“Just move away, please,” matigas nitong sabi.

Dahilan para mag-angat siya ng tingin dito. Guwapo ito, may pagka-mestizo. At hindi pamilyar. Sigurado siyang ni minsan ay hindi pa niya nakita ito sa building nila.

Tumigil siya at tulalang pinagmasdan ang papalayong lalaki na pumasok sa isang kuwarto sa dulo ng hallway.

“Hoy, ano pa ba’ng tinatayo-tayo mo d’yan? Tara na baka maubusan pa tayo ng upuan sa hall,” yaya ni Gelay.

Saka lang siya natauhan. “Yeah, let’s go.”

“Sino ba kasi ang nakatapon ng coffee sa ’yo?” nakangiwing tanong ni Bea habang pinagmamasdan

ang mamahaling Italian suit ng kuya nito na basa at nangangamoy-kape.

“I don’t know, maybe she’s an agent here,” iritadong sagot ni Nate.

Nag-init tuloy ang ulo ng kanilang panganay na si Valerie. “How stupid of that girl! Bakit ba hindi siya nag-iingat?”

“Ate, hindi naman siguro sinasadya n’ung tao. Maybe she didn’t see Nate coming,” marahang pagkontra ni Susan, ang pinaka-levelheaded sa tatlong babae.

Ilang sandali pa ay bumukas ang pinto at pumasok si Sonny, ang kaibigan ni Nate mula pa noong high school days nila sa *Ateneo* at Finance Manager ngayon sa *Unite Communications*. “Here, try this on. Kasya siguro sa ’yo ’yan. Magka-size naman tayo.”

“Salamat, Pare.” Inabot niya ang damit at nagbihis sa comfort room sa silid na iyon.

“Thank you so much, Sonny, you’re a savior!” ani Valerie paglabas ni Nate galing restroom. Inunat nito ng kamay ang suit na parang isinukat talaga para sa 5’11” na kapatid.

Tunay ngang minana ni Nate ang kaguwapuhan

ng nasirang ama with his brown eyes, high patrician nose, strong, square jaw, fair skin and long, lean body.

“Kuya, shades na lang ang kulang, para ka nang si Keannu Reeves sa Matrix!” biro ni Bea.

“Sira!” Pero kahit paano ay nakatulong ang joke upang mabawasan ang anxiety na kagabi pa niya nararamdaman.

Ano ba’ng ipinag-aalala mo, Nate? This is just like your job in Boston, iba lang ang title, pagpapakalma niya sa sarili.

“Hoy! Bakit ka ba tulala d’yan?” puna na ni Gelay nang makaupo sila. “Don’t tell me may hangover ka pa rin. Two nights ago pa tayo uminom, ’no!”

“No, bothered lang ako sa guy na natapunan ko ng kape kanina,” aniya.

“Ano? Sinong guy naman ’yan? Agent rin?”

“No, I don’t think he’s an agent. More like VP something, pero ngayon ko lang siya nakita dito.”

“Huwag mo na’ng isipin ‘yon. Nangyari na, eh. Just pray na hindi ka na niya maalala kapag nagkasalubong kayo ulit.”

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

Sa asar na nakita ko sa mukha niya kanina, I doubt na makakalimutan niya ako, sa loob-loob niya.

Ilang sandali pa ay humilera na sa stage ang mga pinuno ng kanilang kumpanya. And to Maila's great surprise ay nakita niya roon ang lalaking nakabangga kanina.

“Oh-my-God...”

“What? What's wrong?” ani Gelay.

“That guy, second from the left, siya 'yung natapunan ko ng kape kanina,” bulong niya sa tainga nito. Pansin niya ay iba na ang suit na suot nito ngayon.

“Wow, he's gorgeous. Ngayon ko lang rin siya nakita rito, ah. Maybe he's a board member.”

“...the new President of *Unite Communications*, Mr. Nathaniel Villanueva III!”

Napatigil silang magkaibigan sa mahinang pag-uusap sa biglang deklarasyong iyon ni Mr. Gonzalbo, isa sa members ng Board of Directors.

“Oh, no! Ang bago nating presidente ang natapunan mo ng kape?”

“Looks that way. Villanueva... so, anak siya

ni Don Nathaniel.” Hindi niya malaman kung nanghihina ba siya dahil sa kapalpakang nagawa o dahil sa kaguwapuhan ng masungit na lalaking pinaso niya ng kape.

“At mukhang tama ka, guwapo nga siya. He’s just way too attractive!” Gelay sighed dreamily.

“Yeah, he’s certainly that,” pagsang-ayon niya habang pinipilit intindihin ang speech ng lalaki. *At mukhang tama rin si Iggo. Suntok sa buwan ito.*

Nang ilibot ni Maila ang tingin ay parang halos lahat ng kababaihan sa loob ng hall ay hindi mapuknat ang mga mata sa pagkakatitig sa drop dead gorgeous nilang presidente.

Diyos ko, sana po makalimutan na niya ang encounter namin kanina. Please help him find it in his heart to forgive me...

Nang umagang iyon, kasalo niya sa almusal sa mansion ang mga kapatid kahit may sarili nang bahay ang mga ate niya.

“Kumusta, Nate? Ready ka na ba sa bago mong position?” concerned na tanong ng kanyang Ate Susan.

“Honestly, medyo kinakabahan ako pero I have no choice but to be ready,” sagot niya.

Will I be as effective as my father in running the company? Handa na nga ba talaga ako sa ganito kalaking responsibilidad?

“Basta, Nate, ’wag kang magpapa-bully kay Tito Simon. For sure, he’ll say things para sirain ang morale mo. But don’t mind him. Just believe in yourself. You were born to run this company,” paalala ng kanyang Ate Valerie.

“Basta I’ll do my best para palaguin ang negosyong pinaghirapan ni Daddy,” pahayag niya.

“That’s the attitude!” puri ni Joe, asawa ni Valerie. Doktor ang kanyang bayaw.

“Tama. Focus on your work,” ani Melvin, ang asawa ni Susan. Architect naman ang lalaki.

“Good luck, Mr. President,” nakangiting saad ng bunsong si Bea.

“O, bakit ngayon ka lang? Kanina pang alas cinco ang uwian ninyo, di ba?” ani Mrs. Zeny Panganiban pagdating ni Maila.

“Nag-breakfast lang po kami ng mga kaibigan ko,” sagot niya.

Natigil ito sa pagwawalis at hinarap ang anak. “Breakfast? Ang sabihin mo nag-inuman na naman kayo! Sinasabi ko sa ’yo, Maila, layuan mo ’yang mga kaibigan mong ’yan! Bad influence sila sa ’yo.”

Sa isang maliit na two-bedroom apartment sa Pasig nagsisiksikan sina Mrs. Panganiban at ang tatlo nitong anak. Iyon na lamang ang natitira nitong property na minana sa mga magulang. Naibenta at naisangla na kasi ang iba pa nilang dating paupahan.

“Ma, nagre-relax lang naman kami, eh,” rason niya.

“Pagre-relax ba ang tawag n’yo d’yan sa ginagawa ninyo? Umagang-umaga, alak ang hawak ninyo!”

“Ma, alam mo namang baligtad ang oras ng trabaho namin. Ang umaga ay gabi para sa amin,” pilit niyang pagpapaintindi rito.

“Ah, basta tigilan mo ’yang ginagawa mo. Kung ayaw mong matulad sa tatay mong inangkin na yata lahat ng bisyo sa mundo!”

“Sige na, Ma, bukas mo na ituloy ang panenermon mo sa akin. Kailangan ko pang magising ng alas seis

mamaya. Good morning!” sabi niya sabay pasok sa silid.

As she closed her door, rinig pa niyang nagsasalita ang ina pero hindi na niya inintindi iyon. Nagtataka rin siya sa sarili. Normally ay bad trip na siya tuwing sesermonan nito pero hindi ngayon.

“I think I’m in love

I think I’m in love

I think I’m in love with you...”

“Ano ba’ng kinakanta ko?” Bigla siyang napatigil nang ma-realize ang ginagawa.

At kanino ako in love?

Biglang pumasok sa isip ang guwapong mukha ng kanilang bagong presidente.

Ganoon? Could I possibly be in love with Nathaniel Villanueva III?

“Sir, your Uncle wants to see you,” sabi ng sekretarya niyang si Juvy. Ito rin ang nagsilbing secretary ng kanyang ama noon.

“Okay,” pahintulot niya.

Naihanda na niya ang sarili sa pagharap sa kapatid ng ama. Hindi na siya nagtaka na hindi ito dumalo nang i-announce ang pagka-presidente niya. Bilang paggalang ay tumayo siya nang pumasok ito.

“Mukhang komportableng-komportable ka d’yan sa puwesto mo, ah,” bati nito. “Biruin mo nga naman, ang batang kinakalong-kalong ko lang dati ay magiging superior ko na ngayon.”

Hinayaan lamang niya itong magpalakad-lakad sa loob ng silid.

“I don’t know what made them choose you as *Unite’s* president over me. Dahil ba sa *Harvard* credentials mo? O dahil lang malapit ka sa mga Amerikanong partners natin?” patuloy pa nito. “Alalahanin mo, Hijo, hindi sapat ang mataas na pinag-aralan para sa posisyon mo. Nothing beats experience, Nate.”

Kung experience din lang sa pagtatrabaho, hindi na siya magpapahuli. Twenty-eight na siya, at hindi biro ang trabaho niya sa Amerika. Pero hindi na niya kailangang ipaalam pa iyon sa matanda. Let Simon Villanueva rule his own fantasy.

“Walang problema, Tito, I’m sure I’ll get all the experience I need in no time at all,” saad niya. “Won’t

you sit down?”

“Siguraduhin mo lang na hindi mapupunta sa wala itong kompanyang pinaghirapang itayo ng daddy mo.” Iyon lang at tumalikod na ito, hindi pinansin ang offer niyang maupo.

Nagkibit-balikat lang siya at muling naupo sa executive chair.

“Kumusta kayo n’ung naka-blind date mo?” tanong ni Hariett.

Call center agent din ang babae at pareho sila ng account na hawak. Past seven na ng gabi, eight ang time-in nila. As usual ay naroroon sila sa gilid ng building para manigarilyo.

“Hay, wala kami ni isang common interest!” naparolyo ang mga matang sagot ni Maila.

“Bakit kasi hindi mo pa pagbigyan si Jeff? Hindi ba matagal nang patay na patay sa ’yo ’yon?’ suggestion ni Crystal, isa pa nilang kasamahan.

“Jeff’s just a friend, we’ll never click as a couple,” sagot niya, saka humithit muli.

“Hay naku, huwag n’yo nang pilitin ’yan dahil

nasa isang lalaki lang nakatuon ang mga mata niyan,” pagsingit ni Gelay with that ‘I-know-her-secret’ look.

“Really? At sino’ng lalaking ‘yan?” naiintrigang tanong ni Hariett.

Bago pa niya napigilan ang kaibigan ay nakakanta na ito.

“Si Mr. Nathaniel Villanueva III lang naman!”

“Hanggang ngayon ba hindi ka pa rin natitigil d’yan sa pag-iilusyon mo? Para namang mapapansin ka n’on,” tudyo ni Iggo.

This time, inabot na talaga siya ng pikon. Hinarap niya ang best friend. “Ano ba talaga ang problema mo, bakit mo ba ‘ko parati na lang kinokontra pagdating sa kanya?”

“Kasi para kang tanga, hindi ka na nahiya. Presidente pa ang inaasam mo!” derechong sagot ng binata.

“So what? Wala kang pakialam! Saka paano kang nakakasiguro na hindi niya ako mapapansin? Walang imposible sa pag-ibig!” Pagkasabi niyon ay humithit siya nang mahaba saka pinakawalan ang usok mula sa bibig.

Too bad, ang lalaking sanhi pa ng kanilang

pagtatalo ang sapul nabugahan ng kanyang usok. Hindi niya napansing sa daraan pala ito sa kanyang tabi.

Napahinto ang nausukan at tiningnan siya.

“Oh, I-I’m so sorry, Sir! Hindi ko po sinasadya,” halos magkandautal niyang sabi.

All she got from him was a cold, hard stare bago ito nagpatuloy sa paglalakad papasok sa loob ng building.

“O, nagtagumpay ka na, pinansin ka na ni Mr. President. Bad trip nga lang sa ’yo,” pang-aasar pa ni Iggo.

Tinapon ni Maila ang paubos na sigarilyo sa tabi ng paa nito. Ngunit imbis na iyon ang apakan at patayin ay ang paa ng binata ang kanyang tinarget.

“Ouch!” hiyaw ni Iggo sabay tingin nang masama sa kanya.

Maila put on her most evil smile and said “Sorry” bago tuluyang pumasok sa loob ng building kasama ang tatlong babae.

Inamoy ni Nate ang kanyang navy blue suit

habang naglalakad patungo sa opisina niya. Muli siyang nakadama ng pagkairita. Amoy sigarilyo tuloy siya.

Nang buksan niya ang silid ay nasorpresa siya nang makita roon si Bea.

“Hi, Kuya!” masiglang bati nito na patakbo pa siyang sinalubong at hinalikan sa pisngi.

“Kuya, nag-smoke ka ba?” tanong nito na biglang napaatras nang maamoy siya.

“Hindi, nabugahan lang ako ng usok sa baba,” nakasimangot niyang paliwanag. “What brings you here? Sino nga pala ang kasama mo?” pagtukoy niya sa babaeng nakatayo sa tabi ng sofa.

“Kuya, don’t you remember her? Siya si Jessica.”

“Jessica? Classmate mo dati?”

“No, Kuya, she’s Uncle Marty’s daughter. Madalas siyang isama ni Uncle Marty n’un tuwing bibisita kay Daddy sa bahay,” paliwanag nito.

Saka lang niya naalala ang anak ng kumpadre ng ama. “Ikaw na pala ’yan, Jessica. Ang liit-liit mo pa n’ung natatandaan kong dinadala ka ni Uncle Marty sa bahay. Madalas pa nga kayong maglaro nitong si Bea.”

“Yeah, we love to swim. Muntik pa nga akong malunod sa pool ninyo, mabuti na nga lang na-save mo ‘ko,” paalala nito na obviously ay very much smitten sa guwapong binata. “I owe you my life.”

Nate remembered the incident. Kasalukuyan siyang nakikipaglaro ng basketball noon sa mga kaibigan nang marinig ang komosyon sa pool na katabi lamang ng court sa kanilang mansion. Dali-dali siyang napatakbo at napa-dive nang makitang nalulunod ang noon ay doce años na si Jessica. “So kumusta ka na? I can’t recall the last time na pumunta ka sa bahay.”

“Nasa America ka siguro. Isa pa, sa Paris ako nag-college kaya matagal din akong hindi nakabisita sa inyo,” paliwanag nito.

“Kuya, alam mo bang famous bag designer na ’tong si Jessica. Her designs were featured in *Vogue Paris*,” bida pa ni Bea.

“Wow, this is an honor, a celebrity in my office!” aniya.

“Well, look who’s talking. Ikaw nga itong presidente na pala ngayon nitong company ninyo,” balik ng dalaga.

As the evening progressed, Jessica went on with

her subtle flirting. Napapangiti na lang si Nate.

Handa nang tumanggap ng tawag si Maila sa kanyang station, isusuot na sana niya ang headset nang biglang lapitan siya ni Gelay.

“Girl, may good news ako sa ‘yo!”

“Ano ‘yon?” tanong niya habang inilalapag ang headset sa lamesa.

“May singing contest raw sa anniversary ng *Unite*. And guess kung sino ang judge?”

“Huwag mo na ‘kong pahirapan. Sasabihin mo na kung sino.”

“Walang iba kundi ang crush mong si Mr. President!” bunyag nito. “Kaya sige na sumali ka na, sigurado mapapansin ka na n’on! Baka ma-in love pa ‘yon sa ganda ng boses mo!”

Confident siyang sumali sa mga singing contests. Pero ganitong magiging judge pala ang bagong presidente, bigla siyang nakaramdam ng pag-aalinlangan.

“At ano’ng karapatan ng lalaking ‘yon na maging judge sa singing contest? May alam ba siya sa music?”

pagsingit ni Iggo na katabi niya ng station.

Napansin lang niya, magbuhat nang dumating si Nate, parati na lamang may pagkontra si Iggo. “Bakit ba napakaatrebida mo pagdating sa kanya? Siguro insecure ka lang kasi siya guwapo, matalino, mayaman hindi katulad mo gusgusin!”

“Oo, gusgusin nga ako pero kanino ka ba parati tumatakbo sa tuwing brokenhearted ka at namomroblema sa buhay mo? Hindi ba sa gusgusin rin na ‘to?” ganti nito.

“Hay naku, huwag mo na ngang intindihaan ‘yang insecure na ‘yan. Ano ba ‘ng kakantahin mo?” ani Gelay.

“I don’t know. Baka hindi na lang ako sumali,” aniya.

“What? How can you not join? Ibinibigay na nga sa ‘yo ang opportunity para mapansin ka ni Mr. President ‘tapos aatras ka ngayon. Sige na, sumali ka na!”

Pasimpleng napatingin si Maila sa katabing si Iggo na tumatanggap na ngayon ng calls. “Pag-iisipan ko muna...”

2

“Girl, nasaan ka na ba? Hindi kami makapagsimula ng inuman, ang tagal mo kasi!” sabi ni Gelay sa kabilang linya.

Alas nueve y media ng umaga, thirty minutes after ng shift nila. Nakaalis na ang mga kaibigan niya at naghihintay na sa kanya sa kanilang hangout. Nagpaiwan kasi siya dahil hinihintay niyang magkatao sa HR Department.

“Papunta na ako d’yan, ten minutes lang,” aniya habang papalabas ng HR office at naglalakad patungo sa direksyon ng elevator. Dahil nakayuko siya at may hinahanap sa loob ng bag ay hindi niya napansin ang paparating. “Ouch!” hiyaw niya nang tumama ang ulo sa isang matigas na bagay.

Ang matigas na bagay palang iyon ay ang matipunong dibdib ni Nate Villanueva III. Tila biglang naglaho ang kirot sa bumbunan niya nang makita ang halos nakasinghal na mukha ng Presidente.

“Sir, I-I’m really sorry. I-I—”

“Ikaw na naman? Kailan ba ako hindi madidisgrasya sa ’yo?” Nanlilisik ang mga mata nito

habang hawak ang dibdib.

“Sir, sorry po talaga, hindi ko po sinasadya,” nakayukong paghingi niya muli ng tawad. Nanliliit ang pakiramdam niya, parang gusto niyang lamunin na lang siya ng lupa.

Hindi na nagsalita pang muli ang lalaki. Ipinagpatuloy na lamang nito ang paglalakad patungo sa opisina nito sa dulo ng hallway.

Napatda siya sa kinatatayuan. Hindi siya likas na clumsy. Pero bakit ba tila sa bibihirang pagkakataong umaatake iyon ay kay Nate pa siya natatapat?

“Going down.”

Natauhan siya nang bumukas ang elevator doors at nagsalita ang babaeng nag-o-operate niyon. Pumasok siya sa loob na baon pa rin ang kahihiyang bunga ng disgrasyang naidulot minsan pa sa kanyang crush.

“Good morning, Mr. President,” ani Sonny nang pumasok siya sa loob ng opisina at madatnan ito roon.

“Good morning,” matipid na balik niya na halos ibalibag na ang dalang laptop sa ibabaw ng mahogany table.

“O, ang aga-aga nakabusangot ’yang mukha mo. May problema ba?”

“May agent kasi d’yan na puro disaster ang idinudulot sa akin,” reklamo niya at inilahad dito ang mga kapalpakan ng nasabing empleyado.

Natawa si Sonny. “Ano ba’ng hitsura niyang si Miss Disaster nang maiwasan na kapag nakasalubong ko?”

“Average height, nasa five-four, maputi, mahabang kulot ang buhok,” umpisa niya sa naaalala rito.

“You just described practically every girl who’s working here. Give me something more specific. What’s the shape of her eyes, chinita ba? Round eyes? Matangos ba ang ilong? Pango? May dimples ba? May cleft chin? Is she pretty? Average-looking lang ba? Mataba? Payat?”

“In fairness, she’s very pretty, striking actually. ’Yung tipong lilingunin mo talaga kapag nakasalubong mo. Almond shaped, brown eyes, matangos ang ilong, full lips, she’s got small dimples on the sides of her mouth na lumalabas sa tuwing magsasalita siya. She’s got a shapely body, curvaceous.”

“In short, ’yung tipo mo!” Natawa si Sonny. “Too bad disastrous ang simula ninyo. If not, she might

have been a potential love interest for you.”

“Isa ka pa! Para kang mga kapatid ko. Lately, they’re trying to set me up with Jessica.”

“Kasi naman, Dude, since Gemma, wala ka nang naging serious relationship. Natural lang na maging concerned kami sa ’yo.”

“Sarili ko nga hindi ko na maasikaso sa dami ng trabaho ko, magi-girlfriend pa ako. A relationship is the last thing I need right now.”

Hindi na rin kumontra pa ang kaibigan. “If you say so.”

“Kanina ka pa tulala d’yan, Maila. May caller bang nang-harass sa ’yo kanina?” ani Gelay nang mapansin ang hindi niya paggalaw sa beer at hindi pagsali sa mga usapan.

“Ha? Ah, wala... wala,” absent-minded niyang sagot.

“So what’s your problem? Nag-away na naman ba kayo ng mama mo?” tanong ni Iggo, hindi maitago ang concern sa kanya.

Kahit pa nagkaroon sila ng mga bangga ng

binata recently over Nate, it didn't really put a strain on their friendship. Iyon ang maganda sa kanila, away ngayon, mamaya bati na.

“Hindi, okay naman kami ni Mama,” sagot niya, preoccupied pa rin.

“Kung ganoon, ano ba talaga ang problema mo?” kulit ni Gelay.

“It's... it's President Nate,” panimula niya at ikinuwento kung paano niya ito nabangga. “Galit na galit siya, sabi niya kailan daw ba siya hindi madidisgrasya sa akin?”

“Ang arte niya! Siya nga itong tanga, alam niyang nakayuko ka, sana inilagan ka na lang niya!” galit na sabi ni Iggo.

“But it's my fault, dapat tumitingin ako sa dinaraan ko,” pag-ako pa rin niya sa kasalanan.

“Huwag mo nang isipin 'yan. Nangyari na 'yan, eh, wala ka nang magagawa. Inom mo na lang 'yan,” payo ni Hariett na madalas din nilang nakakasama sa mga inuman.

“Girl, mas dapat kang sumali sa singing contest. Use your golden voice para humingi ng tawad sa kanya. Choose a song na kakausap kay Sir,” sabi ni

Gelay na bumibilog ang mga mata sa excitement.

“Ikaw talaga, Gelay, kung anu-anong mga kakornihan ang pinagtututuro mo rito kay Maila,” dismiss kaagad ni Iggo.

“No, actually it’s a good idea,” pagtatanggol niya kay Gelay. “I’ll sing a song na mag-e-express ng nararamdaman ko para sa kanya. I can sing *Phantom of the Opera’s All I Ask of You.*”

“Asa ka pang pakikingan ka n’on. I bet hindi ka pa kumakanta, bagsak na kaagad ang score mo sa kanya,” ani Iggo.

Pero hindi siya apektado sa pandi-discourage nito. Sadyang confident siya pagdating sa pagkanta. Bata pa lamang ay sumasali na siya sa mga singing contests at halos lahat ay naipanalo niya.

Watch out, Mr. President, I’m gonna win you over with my golden voice!

Dumating ang araw ng singing contest na siyang highlight ng founding anniversary ng *Unite Communications*. Subalit hindi tulad ng mga dating contests na sinasalihan kung saan ay buong-buo ang kumpiyansa ni Maila, this time ay para siyang bagito

na nangangapa at nagdududa sa sarili.

Lalo pa iyong nadagdagan nang sumilip siya sa gilid ng stage at nakitang nakaupo na sa judges' table si Nate.

“Hey, are you ready now?”

Halos mapatalon siya nang kalabitin ng best friend na si Gelay. “I don’t think I can do this,” napapalunok niyang sabi.

“What are you talking about, Maila? You can do this, you can win this,” boost ni Gelay sa confidence niya.

“I don’t care if I win this or not. I... I just don’t think I can sing in front of Nate. What if... what if pumiyok ako? What if di niya magustuhan ang kakantahin ko? What if—”

“What if, what if! Maila, you’ll never know unless you try, kaya mabuti pa tigilan mo na ’yang pagdududa mo sa sarili mo. Go! Sing for Nate, sing your heart out for him.”

“Tama ka, I should do this. I can do this.”

Sa totoo lang, hindi alam ni Nate kung ano ang

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

ginagawa niya roon bilang judge sa singing contest. What did he know about music? Mas gugustuhin pa niyang magkulong sa opisina at asikasuhin ang trabaho niya. But his presence was expected sa okasyon.

Ilang sandali lamang ay sinimulan na ng bading na emcee ang show. Biglang sumagi sa isip niya ang ama.

Si Daddy kaya nag-enjoy mag-judge ng mga ganito noon?

Halfway into the show, gustung-gusto na niyang lumabas ng hall dahil pakiramdam niya ay mababasag na ang eardrums niya sa kabibirit ng mga naunang contestants.

Is this the trend in singing these days? Pasigaw?

At lalo pang nadagdagan ang kanyang pagkairita nang pumasok na sa stage ang sumunod na contestant.

Si Miss Disaster! Naku mukhang pati tenga ko mada-damage ng babaeng 'to!

“No more talk of darkness

Forget these wide-eyed fears

I'm here, nothing can harm you

My words will warm and calm you..."

Nate's impression seemed to have made a full circle nang marinig niya ang crystal clear voice ng babae which soothed his soul. Pakiramdam niya ay naririnig niyang kumakanta ang isang anghel.

"Then say you'll share with me

One love, one lifetime

Let me lead you from your solitude

Say you need me with you here, beside you

Anywhere you go, let me go too

That's all I ask of you..."

Nang matapos na ang kanta nito, Nate found himself yearning for more. Pag-alis ng babae sa stage parang gusto niyang pabalikin ito at pakantahin pang muli.

"Isn't she brilliant?" bulong sa kanya ni Myrna Quijano, ang Vice President for Operations ng kompanya.

"Yeah, she really is," pagsang-ayon niya na tila napawi ang dating inis kay 'Miss Disaster'.

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

Habang ina-announce ang mga nanalo, ang worry pa rin ni Maila ay kung nagustuhan ba ni Nate ang kanyang performance. Hindi niya kasi matingnan ang reaksiyon nito kanina habang siya ay kumakanta. Natatakot siyang mawala sa focus.

“...And our champion for this year is... Miss Maila Panganiban!”

Mabuti na lamang at kinalabit siya ng isang kapwa contestant at sinabing siya ang nagwagi dahil hindi niya iyon narinig sa lalim ng pag-iisip tungkol kay Nate. Sa paglabas niya ng stage upang kuhanin ang kanyang trophy ay bahagya siyang napatigil nang makita kung sino ang mag-a-award sa kanya.

“Come on, Maila, don’t be shy kay Mr. President,” pabirong udyok ng emcee na nagdulot ng hiyawan mula sa audience.

Halos manginig ang kanyang buong katawan habang inaabot ang trophy mula rito. Naging extra careful siya sa pagkilos sa pangambang madisgrasya na naman ito sa kanya.

“Congratulations,” sabi nito sabay nagpalabas ng ngiti na nagpaliwanag sa guwapo nitong mukha.

“Thanks,” balik niya na ang pakiramdam ay para bang bigla siyang nabunutan ng malaking tinik sa

dibdib. As she faced the crowd cheering for her, there was only one thing running through her mind.

Does his smile mean nagustuhan niya ang pagkanta ko kanina?

“Bakit hindi mo man lang sinabi sa akin na na-kick out ka pala sa *Assumption*?” pagkompronta ni Nate kay Bea na siyang kasama niyang nakatira sa mansion. “Kung hindi pa ako tinawagan ng dean ninyo, hindi ko malalaman ang kalokohang ginawa mo! Ganoon ba kahirap ’yang research paper ninyo para kopyahin mo verbatim ang ginawa ng classmate mo? Hindi ka ba nahihiya sa mga ginagawa mo?”

“Kuya, I’m so sorry...” pag-iyak nito.

“Puwede ba tigil-tigilan mo ako d’yan sa pag-iyak-iyak mo,” matigas niyang sabi.

“Hindi ko naman talaga gustong gawin ’yon but I had no choice. Babagsak ako kung hindi ako makapagpasa ng project.”

“Babagsak? So, pinili mong magpa-kick out? At paano ka makakagawa ng project kung puro gimik ang inaatupag mo?”

“Bakit ba ang sakit-sakit mong magsalita? Si

Daddy nga hindi ako sinisigawan noon, eh!”

“Puwes, hindi ako si Daddy. Sa akin ka niya inihabilin at didisiplinahan kita sa paraang nararapat!”

Tinalikuran siya ng kapatid padabog na umakyat ng silid. Lalo tuloy kumulo ang kanyang dugo.

“Beatriz! Beatriz, hindi pa tayo tapos!” Napailing na lang siya. Mukhang ibang approach ang kailangan kay Bea. Masyado itong na-spoil ng kanilang ama.

Nawala nga ang problema niya sa Uncle Simon nila. Nitong huli ay parang natatanggap na ng matanda ang kakayahan niya sa pagpapatakbo ng negosyo. Ngunit mukhang si Bea ang papalit na sakit sa ulo.

Kahit mabarkada si Maila, may mga panahon pa ring gusto niya lamang mapag-isa. At sa tuwing ganoon ang kanyang mood, iisang lugar lang ang napipili niyang puntahan—ang rooftop ng *Unite*.

“I think I’m in love

I think I’m in love with you...”

Dahil abala sa pagsabay sa kantang tumutugtog sa kanyang *iPod* ay hindi niya napansin ang lalaking

tumabi sa kanya.

“Sir!” bulalas niya nang mapalingon at makita ang katabi.

“Para ka namang nakakita ng multo,” napangising sabi nito.

Kaagad na inalis niya ang mga earphones na nakakabit sa tainga at ibinigay ang buong atensyon dito. “Pasensya na po, akala ko po kasi ako lang ang naririto,” paliwanag niya na hindi ito matingnan nang derecho.

“Dito ka ba nagpa-practice ng pagkanta mo?” tanong nito na biglang naging seryoso ang mukha.

“Ah, eh, kung minsan po,” she said with a nervous laugh.

“Is this your special place?”

“What do you mean po na special place?”

“Huwag mo na akong i-po, hindi naman tayo nagkakalayo ng edad.”

Nagtaka siya. *Why is he being so friendly now? Does it mean nagustuhan niya ang pagkanta ko at nagawa na niya akong patawarin sa mga kapalpakan ko noon sa kanya?*

“What I meant with special place ay ’yung lugar na pinupuntahan mo sa tuwing gusto mong mapag-isa, gustong mag-isip tuwing may problema ka...”

Kahit hindi man nito tahasang sinabi, kitang-kita niya ang labis na pagkabahala sa mukha nito. “May problema ka ba, Sir?”

Mataman siyang tiningnan nito. For a while, nangamba siya na baka hindi nito nagustuhan ang panghihimasok niya. Handa na sana niyang bawiin ang tanong nang bigla itong manghingi ng sigarilyo sa kanya.

“God, I miss this,” napapikit pang sabi nito na tila ninanamnam nang maigi ang hinithit na sigarilyo.

Nagulat siya, naalala niya kasi nang aksidenteng mabugahan niya ito ng usok. Kung makapag-react ito noon ay para bang mamamatay ito sa sigarilyo.

“You smoke, Sir?”

“I acquired the habit nang tumira ako sa Boston, sobrang lamig kasi doon kaya kailangan ng pampainit ng katawan,” sagot nito habang patuloy na ini-enjoy ang sigarilyo.

“Paano mo nagawang mag-quit?” tanong niya. “Ang tagal-tagal ko na kasing sinusubukan pero di

ko magawa-gawa.”

“Nang sabihin sa akin ng doktor na ang major contributing factor sa heart attack ni Daddy ay ang paninigarilyo niya. Chain smoker kasi ’yon. Natakot ako, ayokong matulad sa kanya,” paliwanag nito. “Sa bawat sigarilyong nauubos, anim na minuto ang nababawas sa buhay ng isang tao. I figured that’s six minutes less the time that I get to spend with the people I love.” Tumingin ito sa kanya.

Bigla niyang itinapon ang mangangalahati pa lamang na stick. Sapat na ang sinabi nito para mawalan siya ng gana sa bisyo.

Six minutes less the time that I could have spent with the man I love. Napakaraming puwedeng mangyari sa loob ng isang minuto. Sa anim pa kaya?

“I miss my dad so much. The company’s problems are tolerable, but my youngest sister Bea is a different matter. Na-kick out sa college niya. I just wish Dad’s here to tell me what to do...” paglalabas na nito ng mga saloobin.

Maila felt so privileged na hinayaan siya nitong maging bahagi ng personal nitong buhay, gaano man kaliit iyon. Dati kasi ang nasisilayan niya lamang rito ay ang all-powerful, perfect persona nito na hindi niya

maabot. Dahil sa sinabi nito, she felt like she could finally reach him.

“Kung nandito ngayon ang daddy mo, I’m sure he’d tell you not to give up. Na kayang-kaya mo ang lahat ng ito.”

“Alam mo, noong nabubuhay pa siya madalas niyang sabihin sa akin na ’wag kong pababayaang mga kapatid ko. Ako ang nag-iisang lalaki, kaya ako ang dapat mag-aalaga at magtatanggol sa kanila. Na dapat parati kong uunahin ang kapakanan ng pamilya ko,” paglalahad pa nito habang nakatuon ang mga mata sa malayo at binabalikan ang mga panahong nasa tabi pa ang ama. “Akala ko noon madali lang ’yon, pero ngayon na nae-experience ko na ang bigat ng mga responsibilidad, napakahirap pala. I know I shouldn’t give up. I don’t want to disappoint my dad. I can’t turn my back on our family. And I have to keep this company that he’d worked so hard to build.”

Pakiramdam ni Maila ay lalo pang lumalalim ang paghanga niya kay Nate. Kung dati ay puro panlabas na katangian lamang nito ang naka-attract sa kanya, ngayon ay para bang tuluyan nang nahuhulog ang damdamin niya para rito sa nakitang pagpapahalaga nito sa pamilya.

Naku, Maila, pigilan mo ang sarili mo! Baka pag

nahalata niyan ang iniisip mo'y ihulog ka niyan mula sa tuktok ng building na 'to!

He gave a pained laugh. "Thank you so much sa pagtitiyaga mong makinig. Pasensya ka na kung sinayang ko ang oras mo," anito na tila biglang natauhan at na-realize na nagbubukas na pala ng sarili sa isang estranghera.

Sir, kahit twenty-four hours mong gawin 'to, nais sana niyang bitiw ngunit pinigil na lamang ang sarili.

"Wala po 'yon, Sir, basta kapag kailangan n'yo po ng kausap, you know where to find me. I'll be here in my special place," balik niya, nanghihinayang na matatapos na ang kanilang maikling pagsasama.

"Okay," bitiw nito sabay nagpalabas ng ngiti.

Sabay na silang bumalik sa kani-kanilang opisina. Lihim niyang hiling na sana ay hindi pa iyon ang huli nilang pag-uusap.

Pasado alas diez na nang matapos sa opisina si Nate at pagbaba niya sa lobby ay saka niya naramdaman ang matinding pagkalam ng sikmura. Brunch ang huli niyang kain. Ganoon siya kapag

nakaharap sa trabaho, hindi nakakaramdam ng gutom.

He was thinking of going to a nearby restaurant at kumain mag-isa nang may umagaw sa atensyon niya.

“Maila!” tawag niya. Palabas na ng building ang babae.

Kunot-noong lumingon ito sa kanya at nang maaninag ang kanyang mukha, her face lit up as a huge, charming smile graced her lips.

“Pauwi ka na ba?” tanong niya nang makalapit dito.

“Opo... ah... I mean, oo pauwi na 'ko,” kumpirma nito, hindi pa rin nawawala ang ngiti sa mukha.

“Are you off to meet someone?”

“Ah, hindi po, lahat po ng mga kaibigan ko graveyard shift, ako lang po ang nalipat sa two to ten pm,” paliwanag nito.

Nate was surprised with himself. Hindi niya alam kung bakit tila bigla siyang na-excite nang malamang masosolo niya muli si Maila.

“Would you like to have dinner with me?”

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

“S-sure,” tila alangan ngunit nakangiting pagpayag nito.

Nang marinig ang sagot nito ay tila biglang naglaho ang pagod na kanina pa niya iniinda.

“Great! I know a good restaurant...”

3

“O, ikaw naman ang magkuwento, puro ako na lang ang nagsasalita, kilala mo na ‘ko. It’s my turn to get to know you,” sabi ni Nate habang hinihiwa ang paboritong steak.

Naramdaman yata nito ang pag-aalangan niyang magkuwento. “Kelan ka pa nagsimula sa pagiging singer mo?” tanong nito.

“Hindi talaga ako singer, Sir,” paglilinaw niya sabay nakaramdam ng hiya.

“With your talent, I think you should be singing professionally,” sabi nito. “Seriously,” dagdag nito nang mapansin ang uneasiness niya sa papuri.

“Bata pa lang po ako madalas ko nang gayahin ’yung singers na napapanood ko sa TV. Ginagawa kong mic ’yung hair brush tapos kanta ako nang kanta sa harap ng salamin,” nahihiya niyang saad. Baka isipin nito ay para siyang tanga.

“Talaga? There are some famous singers na sa ganyan nagsimula, using hairbrushes as microphones,” nakangiti nitong sabi. “So, when did you join your first singing contest?”

“Noong six years old ako, piyesta sa amin. Kinanta ko ‘yung *Tomorrow*.”

“Mahilig ka talaga sa *Broadway* songs?”

“Idol ko kasi si Lea Salonga,” pag-amin niya. “Kaya mula elementary hanggang college parati akong sumasali sa mga plays.”

“Theater Arts major ka ba?”

“Hindi. Ang totoo, papalit-palit ako ng course. Tourism then IT ‘tapos ‘yung huli ko Management. N’ung third year ako, nag-stop na ‘ko.”

“Bakit? Ano’ng nangyari at nag-stop ka?”

“Nagsimula na kasi akong magtrabaho sa call center. Medyo kumita kaya tinamad na rin akong bumalik sa school, saka noong time na ‘yon...” Bigla siyang natigilan. Dapat pa ba niyang ipaalam kay Nate ang tungkol sa bagay na iyon?

“Noong time na ‘yon... ano’ng nangyari?”

He was looking at her intently. Hindi niya gustong magsinungaling dito. “Noong time na ‘yon, nakulong ang papa ko. Drug pushing.”

“Nasaan na siya ngayon? Nakalaya na ba siya?”

“Hindi, nakakulong pa rin siya sa Muntinlupa.

Twenty years ang parusa sa kanya.”

Pasimpleng pinagmasdan niya ang reaksyon nito. Karaniwan, paghusga ang nakikita niya sa ibang tao, pero simpatya ang nabakas niya sa mga mata ni Nate. Inisip din niya na baka dahil iyon ang gusto niyang makita.

“I’m sorry to hear that,” sinsero nitong sabi.

“Minsan iniisip ko, my father deserved it. Malaking kasalanan ang ginawa niya. Maraming buhay siyang sinira sa matagal na panahon na pagbebenta niya ng drugs. Kailangan niyang pagsisihan iyon. Then again, kapag naiisip ko na baka kaming pamilya niya ang dahilan para mapilitan siyang magtulak, naaawa ako sa kanya. At kahit ano’ng gawin ko, tatay ko pa rin siya.” She could not help resenting her father dahil sa stigma na nilikha nito sa kanilang pamilya. Dahil dito ay pinagchi-chismisan ang kanilang pamilya ng mga kakilala.

Nilayuan din sila ng maraming kaibigan at hindi na gusto pang kilalanin ng iba kapag natuklasan na ang tungkol sa tatay niya.

“Do you have any siblings?”

“Meron akong younger sister, twenty na siya. Yung bunso namin, lalaki, seventeen. Magkatulong

kami ng mama ko na buhayin sila. Maraket kasi ang mama ko, eh, nagpapahulugan siya ng mga damit, bag, sapatos at mga kung ano-ano pa.”

Nagpatuloy ang kanilang usapan tungkol sa kanyang pamilya hanggang sa mabalik silang muli sa kanyang pangarap na maging theater actress.

“Bakit hindi mo subukang mag-audition sa theater? Malay mo, ikaw na ang maging next Lea Salonga!”

Napakibit-balikat lamang siya sa suhestiyon nito. Kahit gaano niya gustong tuparin ang pangarap ay para bang napakaimposible niyon para sa kanya.

“Matanong ko lang, may special reason ba kung bakit mo kinanta ang *All I Ask of You* sa contest? Theme song n’yo ba ’yon ng boyfriend mo?” tanong ni Nate.

Matapos ang dinner ay nag-offer itong ihatid siya sa kanilang bahay sa Pasig. Noong una ay tumanggi siya pero eventually ay pumayag na rin.

“Boyfriend? I don’t have a boyfriend,” natatawa niyang paglilinaw.

“So sino ’yung guy na madalas mong kasama?”

“Sinong guy?”

“Yung spiky ang buhok ’tapos may goatee, ’yung madalas mong kasama na naninigarilyo,” dagdag nito.

“Ah, si Iggo!” pagtukoy niya. “Best friend ko ’yon.”

“Ah, good,” sabi nito.

Hindi iyon nakaligtas sa matalas na pandinig ng call center agent. “Ano’ng sabi mo, Sir?”

“Ah... wala. Ang sabi ko good na may best friend ka,” palusot nito habang nakatuon ang mga mata sa kalsada. “Iba talaga ’yung may best friend ka na nakakaramay mo.”

“Ikaw, Sir, sino’ng best friend mo?” curious niyang tanong.

“Si Sonny, ’yung Finance Manager natin. Classmate ko siya since high school. Kaso these days masyado na kaming busy pareho. He’s juggling his work and family life kaya at the end of the day he doesn’t have the time to go out with me anymore.”

“If you want, we can hang out together,” alok niya, saka lang na-realize na baka isipin nitong napaka-forward niya. “That is, kung okay lang sa ’yo. Kung hindi—”

“Okay. I want to.”

Hindi siya makapaniwala sa narinig. “Y-you want to hang out with me?”

“Yeah, I want to,” kumpirma nito na nagpakawala ulit ng ngiti nitong nagpapahina sa mga tuhod niya. “Hindi mo pa sinasagot ’yung tanong ko kanina. Bakit mo napili ang *All I Ask of You*?”

“Hmm, kasi it’s how I felt that moment. Ganoon kasi ang pagpili ko ng mga kinakanta, based sa feelings ko sa mga oras na ’yon,” ang safe niyang paliwanag. Hindi pa kasi siya handang ipagtapat dito ang buong katotohanan na ito talaga ang pinag-alayan niya ng awitin.

“So, if you’re to choose kung anong kanta ang bagay para sa sarili ko, anong kanta ’yon?”

Sandali lang siyang nag-isip. “Alam mo ba ’yung *Superman*?”

“Ah, I think I know that.” And he started humming the melody. “Pero hindi ko alam ang lyrics.”

I’m more than a bird

I’m more than a plane

I’m more than some pretty face beside a train

It's not easy to be me..."

"Wow, deep," saad nito, tila na-flatter sa kantang napili niya para rito. "Ikaw, what song expresses your feelings right now?"

"*Can You Read My Mind*," sagot niya. Kanina pa niya kinakanta iyon sa isipan, nasa restaurant pa lang sila.

"What's that?"

"Hindi mo alam 'yon? Hindi ka ba nanood ng *Superman* noong 80s? 'Yung si Christopher Reeve pa ang artista? 'Yon ang soundtrack d'un!"

"I watched it, but I don't remember. Can you sing it? Baka sakaling maalala ko," request nito.

But Maila found herself not yet ready to reveal the lyrics of that song to the man beside her. Kapag narinig nito ang lyrics, bukong-buko siya sa nararamdaman para rito.

"Alamin mo na lang, Sir," birong-totoo niya.

Habang naghahain para sa kanilang agahan ay maririnig sa buong kabahayan ang mala-*Broadway* star na tinig ni Maila.

“Mula nang makilala ka aking mahal

Hindi ako mapalagay sa kakaisip ko sa ’yo...”

Napansin ng ina ang magandang mood niya. “Sino ’yung lalaking naghatid sa ’yo kagabi?” tanong nito.

“Ah, presidente po ng kompanya namin,” may pag-aalangan niyang pag-amin. Parati na lang kasing may komento ang ina sa mga lalaking dini-date niya.

“At bakit ka naman hinahatid ng presidente ninyo?” napataas-kilay nitong tanong.

“Wala lang po, nag-dinner lang kami,” matipid niya pa ring sagot habang naglalagay ng mga baso sa dining table.

“Naku, Maila, huwag ka nang mag-ilusyon d’yan sa presidenteng ’yan. Napakalayo ng mundo ninyo sa isa’t isa. Pampalipas oras ka lang niyan!”

Kinagat na lamang niya ang dila bago pa may hindi rin magandang lumabas mula sa bibig niya. But deep inside, she was hurting so much.

Bakit ba kapag sa ibang tao ko naririnig parang carry ko lang, pero kapag sa nanay ko nanggaling parang ang sakit-sakit?

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

At tuluyan nang nasira ang masayang mood niya. Wala nang salita pang narinig mula sa kanya hanggang sa matapos silang kumain.

Pagbaba ni Nate upang saluhan si Bea sa breakfast, hindi niya napansin na hina-hum pala niya ang kantang *Superman*.

Bea found it weird at di nito napigilang magkomento. Noong isang araw lamang ay kulang na ay ibitin ito ng kapatid sa tindi ng galit. Pero ngayon ay tila maganda ang mood ng Kuya Nate nito.

“You seem to be in a fine mood today,” anito.

At parang nakalimutan na ng binata na hindi pa sila nagkakaayos ng bunsong kapatid. “You bet I am!” When he caught himself, mataman siyang tumingin kay Bea. “Maiba ako, ano na ngayon ang plano mong gawin sa buhay mo?”

“Mag-aaral ako ng Fashion Design.”

“Sigurado ka na ba d’yan? Mamaya puro ka lang umpisa.”

“Can’t you have a little faith in me? I’m going to do my best this time.”

“I’ll hold you to that.”

“At last, nagkasabay-sabay uli tayo ng shift! Masaya na naman ’to!” napapalakpak na sabi ni Gelay nang makitang palapit si Maila sa kanilang ‘yosi spot’ sa gilid ng building. “We missed you so much, Girl!” Yumakap pa ito sa kanya. “Ano na ba ang mga pinaggagagawa mo habang wala kami?”

“Wala nga, eh, malungkot nga ang buhay ko,” aniya habang nagsisindi ng sigarilyo. Ang kaibahan, parang ayaw na niyang hithitin iyon.

“Malungkot? Eh, bakit parang kulang na lang lumipad ka d’yan sa kaligayahan?” puna ni Harriett.

“Hoy, Girl! Kilala kita, ’yang mga ganyang hitsura isa lang ang ibig sabihin niyan. In love ka na naman, ’no?” usisa ni Gelay.

“Hmm, I don’t know...” pamistryoso pang sagot niya.

“Naku, tigil-tigilan mo nga kami! Sino ba talaga ang lalaking ’yan, ha?” demand na ni Gelay.

“Is it Mr. President?” hula ni Harriet na nanlaki ang mga mata.

Muling nagbigay ng makahulugang ngiti si Maila.

“Pinansin ka na ba niya?” naiintrigang tanong ni Gelay.

“Umm, we went out for dinner the other night,” bunyag niya, di naiwasan ang kilig na nadama. “D’yan sa *Ristorante de Italia*.”

“Sus, baka naman hallucination mo lang ’yan,” kontra ng kanina pa tahimik na si Iggo.

“Excuse me, hindi po ’to hallucination,” pagtataray niya.

“Naku, ’wag mo na ngang pansinin ’yang si Mr. Bitter! Just tell us how it happened? Sandali lang kami nawala sa buhay mo nahulog na kaagad si Mr. President sa charms mo!” ani Gelay na labis ding kinikilig para sa kanya.

“Oo nga. Ginayuma mo ba siya?” dagdag na tanong ni Hariett.

“Sira! Gayuma ka d’yan,” nakangiting salo niya at inilahad na kung paano sila unang nagkausap nang maabutan siya nito sa rooftop hanggang sa yayain siyang mag-dinner noong sumunod na gabi.

“So, how’s he up close? Seryoso pa rin ba siya? What kind of things did you talk about?” usisa pa ni

Gelay.

“He’s very down to earth. Walang kaere-ere. He even shared his problems with me,” patuloy niya.

“Oh, my God! Nasa sharing stage na kayo?” ani Hariett.

“Sabi ko naman sa ’yo, eh, your golden voice will charm his heart. ’Ayan may tama na tuloy sa ’yo si Mr. President,” dagdag ni Gelay.

Napabuntong-hininga siya. “Sana nga, kasi ako, I think I’m falling for him na.”

Pagpasok ni Nate sa kanilang building nang umagang iyon ay pasimple siyang lumilinga-linga. Magtatatlong araw na kasi niyang hindi nakikita si Maila. Umaasa siyang matiyempuhan ito ngayon.

“Hey! Sino’ng hinahanap mo?” ani Sonny na biglang sumulpot sa kanyang tabi. “Si Miss Disaster ba?”

Patay-malisya siya. “Huh?”

“Come on, huwag ka nang mag-deny. A little birdie told me na nakita raw kayong nagdi-date sa *Ristorante de Italia* a few nights ago.”

Nang Umawit Ang Puso - Terri Dizon

“It wasn’t a date, it’s just dinner. Nagutom ako, hindi ko gustong kumain mag-isa. Nakita ko siyang pauwi na rin so I invited her for a meal,” paglilinaw niya.

“Why are you being defensive?” panghuhuli ni Sonny habang papasok sila sa loob ng elevator. “Sabi na nga ba, unang kuwento mo pa lang tungkol sa babaeng ’yon I knew there was something. Baka nahuhulog ka na diyan, ha?”

Am I? Am I falling for Maila?